Pangalan: Muhammad Iessa (Ramil) Picardal
Paksa ng Khutbah: “Ang Kamatayan”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim***.” (Alo ‘Imran: 102)

O aking mga kapatid sa pananampalataya, batid nating lahat na ang buhay sa Mundo ay panandalian lamang, at alam din natin na walang mananatili o permanente sa daigdig na ito. At lalung-lalo na alam ng bawat isa sa atin na kapag tayo ay dinatnan na ng kamatayan ay hindi na tayo makakabalik pang muli sa Mundong ito upang maituwid natin ang ating pagkakamali. Una sa lahat, ito ay paalala ko sa aking sarili at gayundin sa inyo na mga kapatid ko sa pananampalatayang Islam. Kapag dumating na sa atin ang kamatayan, ang lahat ng mga makamundong bagay na mayroon tayo ay mawawala na sa atin: ang ating mga aria-rian gaya ng mga magagarang sasakyan at magagandang bahay, ang ating kasikatan at posisyon; mga bagay na matiyaga nating pinaghirapan at ang mga ito ay mapupunta lamang sa ating mga tagapagmana, na habang tayo naman sa Barzakh ay tinatanong ukol dito sa mga bagay na naiwan natin sa Mundo.

O aking mga kapatid sa Islam! Alamin ninyo na ang lungkot ay nagmumula sa tatlong ito: ***Una***, ay ang mga taong nakakakilala sa iyo. Kanilang sasabihin, “Inna lillahi wa inna ilayhi rajiun, kawawa naman ang tao o ang kapatid natin na ito at nawa’y kaawaan at patawarin siya ni Allah sa mga kasalanan niya at nawa’y papasukin siya ni Allah sa Paraiso.”

***Ikalawa***, ay ang mga malalapit mong mga kaibigan na kung saan ay palagi mo silang nakakasama. Sila ay malulungkot sa pagkawala mo ng isa o dalawang araw, o isang linggo. Maaring isang buwan na naaalala ka pa nila ngunit pagkatapos ay babalik na sila sa dati nilang mga gawa na kung saan ay nagkukuwentuhan at nagtatawanan ngunit unti-unti ay malilimutan ka na nila.

***Ikatlo***, ang labis na pagdadalamhati ay magaganap sa pamilyang naulilla mo. Malulungkot sila nang matinding pagkalungkot at pangungulila sa iyo. Ang iyong magulang, kapatid, asawa at mga anak ay malulungkot ng isang buwan o isang taon ngunit pagkatapos nito, ikaw ay isisilid na lamang nila sa isang aklat ng ala-ala at tapos na ang kuwento o ang kabanata ng buhay mo dito sa Mundo. At ito naman ang umpisa ng buhay mo sa Barzakh o sa libingan na kung saan ang dalawang anghel na sina Nakir at Munkar ay nagbibigay sa iyo ng pagsusulit. At pagkatapos ay papunta na tayo sa kabilang-buhay.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَ أَحَدَهُمُ ٱلْمَوْتُ قَالَ رَبِّ ٱرْجِعُونِ لَعَلِّىٓ أَعْمَلُ صَـٰلِحًا فِيمَا تَرَكْتُ ﴾
المؤمنون: 99-100

***"At kapag ang kamatayan ay dumating na sa isa sa kanila, siya ay magsasabi: 'Aking Panginoon ako ay ibalik mong muli sa Mundo upang sakali ako ay makagawa ng mga gawaing matuwid na aking nakaligtaan."*** (Al-Mu'minun: 99-100)

Ang bawat kaluluwa ay makakalasap ng kamatayan at tanging sa Araw ng Pagkabuhay na Muli ay ipagkaloob ang lubos na kabayaran at sinumang nagsumikap sa pagsunod kay Allah at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal, sumamba lamang sa Kanya nang walang bahid ng pagtatambal, at nagpatuloy sa paggawa ng kabutihan hanggang sa makamit niya ang Kaluguran at Habag ni Allah ay Kanyang ilalayo sa Apoy ng Impiyerno at papasukin sa Paraiso, at siya sa katotohanan ang tunay na nagtagumpay. Tunay na ang buhay sa Mundong ito ay isa lamang kasiyahang mapanlinlang.

Isinalaysay ni Anas Ibn Malik (radhiyallahu 'anhu):

"خَطَّ النَّبيُّ صلَّى اللهُ عليه وسلَّم خُطُوطًا، فَقَالَ: هذا الأمَلُ، وهذا أجَلُهُ، فَبيْنَما هو كَذلكَ إذْ جَاءَهُ الخَطُّ الأقْرَبُ." أخرجه البخاري

*"Gumuhit ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ng mga guhit at sinabing, 'Ito ang inaasam-asam ng tao at ito ang hangganan ng kanyang buhay, at habang siya ay nasa ganitong kalagayan ng pag-aasam, (ang malapit na linya) ang hangganan ng kanyang buhay (kamatayan) ay darating sa kanya."* (Inulat ni Al-Bukhari)

Mga kapatid sa pananampalataya, huwag natin kaliligtaan ang katotohanan na ang buhay natin sa Mundong ibabaw ay sadyang napakaiksi lamang na lingid sa ating kaalaman kung kailan at saan tayo dadatnan ng kamatayan. Ito ay isang kaganapan sa ating buhay na walang isa man sa atin ang makaiiwas nito, kaya dapat natin itong pinaghahandaan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, sinabi ng Sugo ni Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"إِذَا قَضَى اللهُ لِعَبْدٍ أَنْ يَمُوتَ بِأَرْضٍ جَعَلَ لَهُ إِلَيْهَا حَاجَةً. أَوْ قَالَ: بِهَا حَاجَةً."
أخرجه الترمذي والطبراني والحاكم

*“Kapag itinakda ni Allah sa kanyang alipin na siya ay mamatay sa isang lupain, binibigyan siya ng pangangailangan upang siya ay magtungo roon.”* (Iniulat nina At-Tirmidhi, At-Tabarani at Al-Hakim)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ipinag-utos sa atin ng mahal na Propeta (sallallahu’alayhi wa sallam) ang pag-alaala sa kamatayan. Siya ay nagsabi:

"أَكْثِرُوا ذِكْرَ هَاذِمِ اللَّذَّاتِ، يَعْنِي الْمَوْتَ." رواه الترمذى

*“Paramihin ninyo ang pag-alaala sa pumuputol ng kasiyahan, walang iba kundi ang kamatayan.”* (Inulat ni At-Tirmidhi)

Kaya’t kanais-nais ang palagiang pag-alaala sa kamatayan. Ang taong matalino ay palagi niyang naiisip ang kanyang kamatayan at siya ay patuloy sa paghahanda para sa kabilang-buhay; kapag siya ay nagkamali, agad siyang nagsisisi. At kapag siya ay nagkasala, agad siyang nagbabalik-loob kay Allah. Samantalang ang taong nagpalinlang kay Iblis (satanas) ay walang pakialam dito kaya marapat sa kanya na palaging paalalahanan.

O Allah, gawin Mo po na ang pinakamainam sa huling yugto ng aming buhay ang ***“LA ILAHA ILLALLAH”*** na siyang pinakahuling salita na binibigkas ng aming mga labi mula sa kaibuturan ng aming mga puso bago kami lagutan ng hininga! Ikaw po Ang Pinakamaawain at Pinakamahabagin. Kahabagan at Kaawaan Mo po kami. Ameen!

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***